JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhawahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 2 - Modyul 4:
## Pamilya Ko Igagalang Ko



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



# Alamin

Magandang araw mga mag-aaral!

Isa sa mga kaugalian ng mga Pilipino ay ang pagpapakita ng pagiging magalang. Taglay nito ang pagiging marespeto sa ideya at suhestiyon sa bawat kasapi ng pamilya. Bilang kasapi ng iyong pamilya, Naranasan mo na bang magbigay ng suhestiyon? Ano ang naging resulta nito?

Sa tahanan ng mga Pilipino nakikita o natututunan ang pagpapahalaga ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng bawat kasapi ng pamilya. Bawat kasapi ng pamilya ay may karapatang maihayag ang kanyang saloobin batay sa kanyang pananaw sa buhay. Dapat matuto tayong umunawa at umintindi sa ideya o suhestiyon ng bawat isa para sa kabutihan at ikauunlad ng pamilya. Pag aaralan natin sa modyul na ito ang tungkol sa paggalang sa ideya o suhestiyon ng kapwa sa loob ng bahay. Ang paggalang ay ang pagpapalagay ng mabuting hangarin at kakayahan ng ibang tao o sa sarili. Kailangang mayroon itong lalim ng integridad, tiwala, mga komplimentaryong pinapahalagahang kaugaliang wagas, at kasanayan.

Ang nilalayon ng gawain sa modyul na ito ay paraan upang gabayan kayong makamit ang layunin. Sa pamamagitan nito maipahayag ang opinyon tungkol sa paggalang sa ideya o suhestiyon ng bawat isa sa loob ng bahay upang mapanatili ang pagkakaisa at kaayusan ng bawat miyembro ng pamilya. **Kasanayang Pampagkatuto**:

Nakapagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon.( EsP6P-ll-i-31)

1. Nakapagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kapwa sa loob ng bahay.

   EsP6P-ll-i-31

| | |
|---|---|
| **Modyul 4** | **Pamilya Ko Igagalang Ko** |

Sa araw na ito, ating mapag- aaralan ang pagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng bawat kasapi ng pamilya sa loob ng bahay at ang mga maaaring dulot nito na makatutulong sa atin at magsilbing gabay sa pagpili ng pinakamainam at kapakipakinabang na ideya o suhestiyon.



# Balikan

Natatandaan mo pa ba ang nakaraang modyul na tinalakay tungkol sa pagiging matapat? Ang pagiging matapat ay nangangahulugan ng pagiging mapagtapat at walang daya. Ang isang taong matapat ay isang taong may integridad palibhasa'y laging mapagkakatiwalaan, siya'y hindi kaila man mandaraya sa kanyang kapuwa tao.

**Panuto:** Suriin ang bawat larawan. Lagyan ng tsek (/) ang nagpapakita ng pagiging matapat at ekis (x) ang hindi.

1.____________




2.____________



3.____________



4.________________



5.____________




#  Tuklasin

Sa bahaging ito, ating alamin kung paano maipapakita ang paggalang sa suhestiyon ng bawat kasapi ng pamilya sa loob ng bahay.

Gawain: Ating Alamin!

Panuto: Pag-aralan ang dayalogo na nagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng bawat kasapi ng pamilya sa loob ng bahay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




**Sagutin:**

1. Paano ipinakita ng anak ang paggalang sa suhestiyon ng kanyang mga magulang?
2. Sa iyong palagay, nakabubuti ba ang pagsunod sa suhestiyon ng ating mga magulang? Bakit?
3. Bakit madaling natanggap ng anak ang naging pasiya ng mga magulang?
4. Anong pag-uugali ang ipinakita ng anak sa dayalogo?
5. Sa inyong pamilya, may pagkakataon bang ang ideya o suhestiyon ng bawat kasapi ng pamilya ay nabalewala? Bakit?

#  Suriin

Sa araling ito pagyamanin natin ang ating kaalaman tungkol sa pagpapakita ng paggalang ng ideya o suhestiyon ng bawat kasapi ng pamilya sa loob ng bahay. **Tandaan:**

- Ang paggalang sa ideya o suhestiyon ng pamilya ay nakapagpapatibay sa relasyon ng bawat isa.
- Ang suhestiyon ay ang pagbibigay ng sariling pananaw o paniniwala tungkol sa larangan ng natatanging bagay.

- Ang paggalang sa suhestiyon ng pamilya ay nangangahulugang pagrespeto sa rasyonal na kaisipan ng isang nilalang.
- Ang pakikinig sa ideya o suhestiyon ng pamilya ay pagpapakita ng pagkamagalang.
- Ang pagbibigay ng ideya o suhestiyon sa bawat kasapi ng pamilya ay maaring makapagdulot ng positibo o negatibong pakiramdam.
- Anuman ang sabihin ng bawat kasapi ng ating pamilya sa ating ginawa, tumigil sandali, suriin at pagnilayan ang pagsisikap na inilalaan sa isang gawain upang maging makatotohanan ang ebalwasyon.
- Kung hindi man tayo sang-ayon sa kanilang sinasabi dapat pa rin natin itong igalang dahil mahalaga sa atin ang suhestiyon ng bawat kasapi ng pamilya.
- Maging bukas, mahinahon at huwag agad magalit sa ideya o suhestiyon ng kasapi ng pamilya sa loob ng bahay kung hindi nagustuhan.
- Dapat marunong tumanggap ng suhestiyon kung ito naman ay nakakabuti at iwasang magbigay ng suhestiyon na makakasakit sa damdamin ng kapuwa sa loob ng bahay.

**Sagutin:**

1. Ano-ano ang mga kabutihang dulot ng pagiging pagkamagalang sa ideya o suhestiyon ng pamilya?
2. Ano ang dapat gawin kapag hindi ka sang-ayon sa suhestiyong sinasabi ng kasapi ng pamilya.
3. Ano-ano ang iyong gagawin kapag nagbibigay ng ideya o suhestiyon ang bawat kasapi ng pamilya.
4. Paano mo maipapakita ang paggalang sa ideya o suhestiyon ng iyong pamilya?
5. Bakit natin kailangang igalang ang ideya o suhestiyon ng pamilya?



# Pagyamanin

Subukin natin ang iyong natutunan tungkol sa paggalang sa ideya o suhestiyon ng bawat kasapi ng pamilya sa loob ng bahay sa pamamagitan ng pagsagot ng mga katanungan sa Gawain.

**Pagtatasa 1**

**Panuto:** Basahin mo nang mabuti ang bawat sitwasyon. Isulat ang **TAMA** kung ito ay nagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng bawat kasapi ng pamilya sa loob ng bahay at isulat ang **MALI** kung hindi. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

____________1. Nasisiyahang pinakinggan ni Rita ang mga suhestiyon ng kanyang kapatid.

____________2. Habang pinapangaralan si Lito ng kaniyang tatay nilakasan niya ang bolyum ng telebisyon.

____________3. Maluwag na tinanggap ni Mario ang suhestiyon ng kaniyang mga magulang.

____________4. Pasikretong ginagaya gaya ni Kate ang pangaral ng kaniyang lola.

____________5. Maiging pinakikinggan ni Sarah ang turo ng kaniyang nanay.



# Isaisip

Sa bahaging ito ng modyul, masusukat ang iyong kaalaman sa paksang pinag-aralan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga katanungan.

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong.

1. Paano mo maipapakita ang paggalang sa ideya o suhestiyon ng bawat kasapi ng pamilya sa loob ng bahay kahit na ito ay nagdulot sa iyo ng negatibong pakiramdam?

2. Bakit kailangan ng isang batang tulad mo na matutunan ang kahalagahan ng pagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kasapi ng pamilya sa loob ng bahay?

3. Ano-ano ang kahalagahan ng pagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng bawat kasapi ng pamilya sa loob ng bahay?

4. Batay sa iyong pagkakaintindi ano ang ibig sabihin ng suhestiyon?

. Bilang kasapi ng pamilya paano mo panghahawakan kapag ang ibinigay na suhestiyon ay labag sa iyong kalooban?



# Isagawa

**PANUTO:** Magbigay ng limang (5) paraan na nagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kasapi ng pamilya sa loob ng bahay ayon sa iyong sariling karanasan.



# Tayahin

**Panuto**: Basahin ang sumusunod na mga tanong at isulat lamang ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit mahalaga ang pagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng bawat kasapi ng pamilya sa loob ng bahay?

A. Upang mapanatili ang pagkakaunawaan at magandang samahan sa loob ng bahay
B. Upang maging responsable ang bawat kasapi sa loob ng bahay
C. Upang maging mabait sa mata ng mga magulang
D. Upang maging mabuti sa kapwa

2. Paano mo masasabi na iginagalang mo ang suhestiyon o ideya ng iyong kapwa sa loob ng bahay?

A. Kapag pinapakinggan sila        B. Kapag iniinsulto sila
C. Kapag binabalewala sila        D. Kapag nasasaktan sila

3. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kasapi ng pamilya sa loob ng bahay MALIBAN SA ISA.
A. Pinagtatawanan ang suhestiyong ibinigay
B. Pagtanggap sa suhestiyong inigay
C. Paggalang sa suhestiyong ibinigay
D. Pagpapakita ng kasiyahan sa suhestiyong ibinigay

4. Nakita mong tinuturuan ng iyong kuya ang nakababata ninyong kapatid sa pagpipinta, narinig mo na hindi gaanong akma ang ideyang kanyang ibinahaginais mo itong itama. Ano ang gagawin mo upang hindi masaktan ang kanyang damdamin at maipakita parin ang paggalang bilang nakatatandang kapatid?
A. Pagsabihan na mali ang kanyang ideya
B. Pagalitan dahil mali ang kanyang ideya
C. Ibahagi ang iyong ideya nang may paggalang
D. Pabayaan na lamang sila

5. Sa iyong palagay, nakakatulong ba sa pagpapanatili ng magandang samahan sa loob ng bahay ang paggalang sa suhestiyon ng bawat kasapi ng pamilya?
A. Opo, dahil ito ay nagdudulot ng di pagkakaunawaan
B. Opo, dahil nagkakaroon ng kaayusan at pagkakaunawaan ang pamilya
B. Opo, dahil lalong gumugulo ang sitwasyon sa loob ng bahay
D. Opo, dahil nagkakasamaan ng loo bang bawat miyembro ng pamilya



# Susi sa Pagwawasto

**Tuklasin**
Posibleng Sagot:
1.Agad na sumang-ayon ang anak sa kagustuhan ng mga magulang.
2.Opo, dahil ang pagsunod sa ideya o suhestiyon ng ating mga magulang ay tanda ng paggalang
3. Dahil naiintindihan niyang walang magulang ang naghahangad ng masama para sa kanyang anak.
4. magalang, masunurin at maunawaing anak.
5. iba iba ang maging agutan ng mga bata depende sa kanilang karanasan

**Balikan**
1. √
2. √
3. √
4. x
5. X

**Karagdagang Gawain**

Posileng Sagot:

1.Masaya

2.Dahil ito ay nagpapakita ng paggalang

3.Masayang pamilya

4. Opo, dahil nakikinig ako sa suhestiyon ng aking pamilya

5. dahil natutunan ko na ang bawat kasapi ng pamilya ay may iba't ibang suhestiyon na dapat igalang at pahalagahan upang maging maayos ang pagsasama ng buong pamilya.

**Isagawa**

Posibleng Sagot:

1.Sumang-ayon

2.Pakikinig ng maigi

3.Maluwag na pagtanggap

4.Bukas na kaisipan

5.Respetuhin o igalang ang ideya o suhestiyon

**Tayahin**

1. A
2. A
3. A
4. C
5. D

**Isaisip**

Posibleng Sagot:

1.Respetuhin pa rin ito at maging bukas ang isip sa mga ideyang ibinigay.

2.Upang masanay ang sarili sa pag intindi sa suhestiyon ng ibang tao.

3.Tumitibay ang samahan ng mga miyembro ng pamilya, Naiiwasan ang hindi pagkakaintindihan.

4.Ito ay pagbibigay ng sariling pananaw o paniniwala.

5.Tanggapin ng maluwag sa kalooban.

**Pagyamanin**

**Pagtatasa 1:**

1.TAMA

2.MALI

3.TAMA

4.MALI

5.TAMA

**Suriin**

**Posibleng Sagot:**

1.Ang kabutihang dulot nito ay nakapagpapatibay sa relasyon ng bawat isa.

2.Dapat pa rin nating itong igalang dahil mahalaga sa atin ang suhestiyon ng bawat kasapi ng pamilya.

3.Tumigil sandali, suriin at pagnilayan ang pagsisikap na inilalaan sa suhestiyong ibinigay.

4.Sa pamamagitan ng pakikinig sa ideya o suhestiyon ng pamilya.

5.Dahil ito ay nagpapakita ng pagrespeto.

## *Sanggunian*


- Kagawaran ng Edukasyon, *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*, Batayang Aklat, 35

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ashada Y. Halilulla
Teacher 1, Lampinigan Elementary School
Isabela Island District II, Isabela City Schools Division

**Editor:** Maomar W. Halilulla, School Head

**Tagasuri:** Naser P. Elang, Ed. D. (PSDS, Island District II)

**Tagaguhit:** Rosdie W. Halilulla**,** Teacher I

**Tagalapat:** Nadzhar A. Bakil, Teacher I

**Tagapamahala:** Julieto H. Fernandez, OIC- SDS
Maria Laarni T. Villanueva, OIC- ASDS
Eduardo G. Gulang, SGOD Chief
Henry R. Tura, CID Chief
Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor
Violeta M. Sta. Elena, EPS, ADM Module Coordinator

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.